

Pagsasanay sa Filipino

Pangalan _____ Petsa _____ Marka _____

Pagtukoy sa Panaguri ng Pangungusap

Salungguhitan ang **buong panaguri** ng bawat pangungusap.

1. Ako at si Paul ay magpapalista sa Paaralang Elementarya ng Lucban.
2. Magsisimula sa unang Lunes ng Hunyo ang pasukan sa aming paaralan.
3. Sina Carmela, Eric, at Cecile ay bibili ng mga bagong kagamitan para sa eskuwela.
4. Inaayos at inihahanda ng mga guro ang mga silid-aralan para sa unang araw ng pasukan.
5. Ang nanay nila ay nagpatahi ng mga bagong uniporme sa kaibigan niyang modista.
6. Ang kakulangan sa silid-aralan ay problema ng maraming lalawigan sa Pilipinas.
7. Ginagamit ng mga guro ang ibang mga silid ng paaralan bilang mga pansamantalang silid-aralan.
8. Ang suliranin na ito ay tutugunan ng mga ahensiya ng pamahalaan.
9. Ipinatupad ng DepEd ang programang K to 12 noong pasukan ng taong 2012.
10. Karamihan sa mga manggagawang Pilipino ay nahihirapan sa pagpapaaral ng kanilang mga anak.
11. Ang bagong programang K to 12 ay nagdagdag ng tatlong taon ng pag-aaral.
12. Hindi pa rin nabibigyan ng solusyon ang maraming kakulangan sa mga pampublikong paaralan.